

## **15-Araw na Paunawa Upang Magbayad o Titigil**

*(Hindi-pagbabayad ng Arkila sa pagitan ng Setyembre 1, 2020 at Hunyo 30, 2021)*

**(Upang gagamitin para sa mga paunawa na ibinigay noong o pagkatapos ng Pebrero 1, 2021)**

*(Code ng Seksyon sa Sibil na Pamamaraan 1179.03(c)(5))*

PARA KAY: \_\_\_\_\_  
(Pangalan ng (Mga) Nangungupahan)

### PAUNAWA MULA SA ESTADO NG CALIFORNIA

Kung ikaw ay hindi nakapagbayad sa halaga na hiniling sa paunawa na ito, at nabawasan ang kinita o tumaas ang mga gastusin dahil sa COVID-19, maaari kang pipirma at ihatid ang form ng pagpapahayag na kalakip sa iyong paunawa sa iyong maylupa sa loob ng 15 araw, hindi kabilang ang mga araw ng Sabado, Linggo at ibang mga holiday ng panghukuman, at ang iyong maylupa ay walang kakayahan na paaalisin ka para sa itong napalampas na bayarin basta't nakagawa ka ng pinakamababang pagbabayad (tingnan sa ibaba). May utang ka pa rin ng pera na ito sa iyong maylupa. Dapat magtago ka ng kopya o larawan ng nilagdaang form para sa iyong mga talaan.

Kung ibibigay mo ang form ng pagpapahayag sa iyong maylupa ayon sa inilarawan sa itaas AT, sa o bago ang Hunyo 30, 2021, magbabayad ka ng halaga na katumbas sa pinakamababa na 25 porsiyento ng bawat pagbabayad ng arkila na bayarin o bayarin sa panahon sa pagitan ng Setyembre 1, 2020, at Hunyo 30, 2021, na hindi mo nabayaran bilang resulta ng nabawasang kinita o tumaas na mga gastusin dahil sa COVID-19, hindi ka mapapaalis ng iyong maylupa. Ang iyong maylupa ay maaaring mangangailangan na magsumite ka ng bagong form ng pagpapahayag para sa bawat bayarin ng arkila na hindi mo nabayaran bayarin sa pagitan ng Setyembre 1, 2020, at Hunyo 30, 2021.

Kung ikaw ay hindi nakapagbayad ng anumang mga bayarin ng arkila na dapat bayaran sa pagitan ng Setyembre 1, 2020, at Hunyo 30, 2021, at nagbigay ka ng mga pagpapahayag sa iyong maylupa bilang tugon sa bawat 15-araw na paunawa na ipinadala ng iyong maylupa sa panahon ng kapanahunang iyon, ang iyong maylupa ay hindi makapaaalis sa iyo kung, sa o bago ang Hunyo 30, 2021, binayaran mo ang iyong maylupa ng halaga na katumbas sa 25 porsiyento ng lahat na mga bayarin ng arkila mula sa Setyembre 2020 hanggang Hunyo 2021.

Mayroon pa kayong utang na buong halaga ng arkila sa iyong maylupa, subali't hindi kayo maaaring paaalisin mula sa iyong tahanan kung sinunod mo ang mga kinakailangan na ito. Dapat maingat mong subaybayan ang iyong binayaran at ang

anumang halagang hindi mo pa nabayaran upang mapangalagaan ang iyong mga karapatan at maiwasan ang hindi pagkakasundo sa hinaharap. Ang kabiguan na tumutugon sa paunawa na ito ay magresulta ng labag sa batas na aksyon na makulong (pagpapaalis) na maisasampa laban sa iyo.

**MAAARI KANG MAGING KARAPAT-DAPAT PARA SA TULONG NA PAG-ARKILA.** Dagdag sa pagpapahaba sa mga proteksyon ng pagpapaalis na ito, ang Estado ng California, sa pakipagtulungan ng federal at lokal na mga pamahalaan, ay naglikha ng programang emerhensyang tulong ng pag-aarkila upang tulungan ang mga nangungupahan na hindi nakapagbayad ng kanilang arkila at mga bayarin sa kagamitan bilang resulta ng pandemyang COVID-19. Ang programa na ito ay maaaring tulungan kang maabutan ng paunang bayad na arkila. Dagdag dito, magdedepende sa kakayahang magagamit na mga pondo, ang programa ay maaari din may kakayahan na tutulong sa iyo sa paggawa ng mga pagbabayad ng arkila sa hinaharap.

Habang hindi lahat ay maging karapat-dapat para sa tulong na ito, maaari kang mag-aaplay para nito hindi alintana ng iyong pagkamamamayan o estado ng imigrasyon. Walang bayad ang mag-aplay para nito o ang pagtanggap ng tulong.

Lugar ng lokasyon: \_\_\_\_\_

Halaga ng kabuuang arkila na bayarin at utang: \_\_\_\_\_

- \_\_\_\_\_ (buwan/taon) \$ \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_ (buwan/taon) \$ \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_ (buwan/taon) \$ \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_ (buwan/taon) \$ \_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_ (buwan/taon) \$ \_\_\_\_\_

Karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapahaba ng COVID-19 Kilos na Kaluwagan ng Nangungupahan at mga programa ng bagong estado o lokal na tulong ng pag-arkila, kabilang ang higit na impormasyon tungkol sa kung paano ang maging karapat-dapat para sa tulong, matatagpuan sa pamamagitan ng pagbisita sa <https://housingiskey.com> o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-422-4255.

**PAGTATATUWA:** ANG PAUNAWA NA ITO AY NAGLALAMAN NG IMPORMASYON NA KINAKAILANGAN NG CODE SA SEKSYON NG SIBIL NA PAMAMARAAN 1179.03(C). KARAGDAGANG IMPORMASYON AY MAAARING KINAKAILANGAN NG CODE SA SEKSYON NG SIBIL NA PAMAMARAAN 1161 O IBANG MAILALAPAT NA MGA BATAS NG FEDERAL, ESTADO O LOKAL NA MAGDEDEPENDENSA SA ANYO, LOKASYON AT PAMUMUHUNAN NG IYONG INARKILAHANG YUNIT. PARA SA KARAGDAGANG PATNUBAY, MANGYARING KOMUNSKULTA SA ISANG MAMBABATAS, ISANG LIGAL NA ORGANISASYON NG TULONG, SAMAHAN NG MAYLUPA, O GRUPO SA ADBOKASIYA NG NANGUNGUPAHAN.